Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ruth: Isang Kuento ng Pagibig

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Janie Forest

Ibinagay ni: Lyn Doerksen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2017 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring
makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Kung makikita mo ang iyong kanunuan ng iyong mga magulang, ang kanilang mga magulang, at mga taong narito bago kayo isinilang sa iyong ankan, baka magulat kayo kung anong

uri na mga tao sila.

Sa Biblia, isa sa mga kanunuang tao ng Panginoong Hesus ay si Ruth – isang babaing taga Moab na dati sumasamba sa mga idolo.

Ang kuento ni Ruth ay nagpasimula sa Israel pagkatapos ng panahon ni Samson, kailangan huminto ang mga tauhan ng Diyos at magtiwala at at sumunod sa Panginoong Diyos. May katakut-takut na tag gutom



na dumating sa bayanan ng Israel.

Alam mo ba kung ano ang tag gutom? Iyan ay tama! Ang tag gutom ay kung walang bunga o walang pananim na tumutubo, at ang mga hayop at kung minsan pati mga tao at mamatay sa gutom.



Isang lalaki, si Elimelek ay umalis sa Betlehem kasama ang kanyang asawa at dalawang mga anak na lalaki, upang maghanap ng kakainin.

Pumunta siya sa Moab, isang bansa na ang mga tao ay sumasamba ng mga idolo.

Hindi masagana ang mga bagay para

kay Elimelek at ang kanyang bahayan sa Moab.

Siya'y namatay, Sumunod ang dalawang anak na lalaki sa kanilang mga asawa.

Si Naomi, ay naiwan kasama ng mga asawa ng dalawang anak na lalaki.

Si Naomi, balo na ngayon,
ay nakarinig na ang Panginoon
ay dumalaw sa mga tauhan ng
Diyos, may kakainin na doon.
Siya ay
nagpasiya
na bumalik
sa kanyang
sariling
bayan.

Ngunit ano ang gagawin ng dalawang babae? Pinayuhan sila ni Naomi na manatili sa Moab at magsipagasawa muli.

Si Orpa ay bumalik sa kanyang pamilya. Ngunit si Ruth ay tumanggi. Sa halip, sinabi ni Ruth at nangako na hindi niya iiwanan ang kanyang hipag.

Ang mga dating kaibigan ni Naomi ay natuwa na siya ay umuwi sa Bethleham. Ngunit sinabihan sila na huwag siyang tawaging Naomi (masaya), kung hindi tawagin siya na "mara" (mapait), ...

... "sapagka't ginawan ako ng kapaitpaitan ng Makapangyarihan sa lahat." Si Naomi ay bumalik na walang dala - maliban si Ruth.



Bagama't si Ruth ay sumamba ng mga idolo kagaya ng karamihan sa Moab, iniwasan niya iyon at sumamba sa tunay na buhay ng Panginoon ng Israel.







Si Ruth ay masipag, tinitiyak niya na si Naomi ay may sapat na kakainin. Araw-araw sumunod siya sa mga mangangani sa bukid at namulot ng mga subrang butil.



Si Boaz na
may-ari ng bukirin,
ay nakarinig ng
kabutihan ni Ruth
sa kanyang
hipag.

Ng nakita niya si Ruth, si Boaz ay tumulong sa kanya ng inutusan ang mga mangangani na iwanan ng kauting mga butil na pasadya. Si Boaz ay nagkagusto kay Ruth.

Nang sinabi ni Ruth kay Naomi tungkol kay Boaz at ang kanyang kabaitan, ang matandang babae ay nagpuri sa Panginoon.

"Ang lalaki ay kamaganak natin, isa sa malapit na kamaganak."

Nang dumaan ang panahon, si Boaz ay ibig nang magpakasal kay Ruth at alagaan si Naomi at ang lupa ng pamilya. Ngunit may isang malapit na kamaganak na kailangang pagbigyan ng pagkakataon.

Sa mga araw na yon, ang mga tao ay hindi nagkamustahan ng kamay upang maayos ang kasunduan. Inalis ni Boaz ang kanyang sandal at sa



harap ng lahat ibinigay ito sa isang kamaganak na lalaki.

Ayos na ang usapan. Si Ruth ay magiging asawa ni Boaz. Ngayon si Ruth at si Naomi ay kasali na sa pamilya ni Boaz.

Sina Boaz at Ruth ay may unang anak na lalaki na tinatawag na Obed. Siya ay naging lolo ni David, ang dakilang hari ng Israel.

Ngunit may mas magandang kalagayan, ang sanggol na si Obed ay magiging ninuno ng Panginoong Kristo Hesus.

Si Hesus ay galing sapamilya ni David na magiging Hari ng Mga Hari at tagapagligtas ng buong mundo.

Ruth: Isang Kuento ng Pagibig

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Aklat ni Ruth

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16